# Mga Napagkasunduang Panuntunan ng Korporasyon

A. INTRODUKSIYON

B. KUNG SAAN NAAANGKOP

C. SAKOP

D. PATAKARAN

E. MGA SANGGUNIAN

F. PAGSUSURI

Inilabas noong: Mayo 15, 2017

Huling sinuri noong: Marso 15, 2023

Huling Binago noong: Marso 15, 2023

A. INTRODUKSIYON

Nirerespeto ng RTX ang mga lehitimong interes sa pagkapribado ng mga tao kung saan galing ang Pinoprosesong Personal na Impormasyon, tulad ng mga direktor, opisyal, empleyado, kontratista, customer, supplier at vendor.

Ipinagpatibay ng RTX ang Binding Corporate Rules ("**BCRs**" o Mga Napagkasunduang Panuntunan ng Korporasyon) para sa Personal na Impormasyong Pinoproseso nito tungkol sa Mga Indibidwal. Ang United Technologies EU ("**RTX EU**")[1] ang Lead Affiliate at, sa pakikipagtulungan sa Tanggapan ng Korporasyon (ang headquarters sa U.S.), ang responsable sa paglutas ng mga paglabag ng mga BCR.

Nagbibigay ang Exhibit A ng mga kahulugan para sa mga terminolohiya at acronym na ginamit sa mga BCR na ito.

Inililipat ng RTX ang Personal na Impormasyon kabilang ang mga impormasyon sa human resources (mga empleyado at binabayarang labor o trabaho); pantrabahong impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga customer ng negosyo, supplier, vendor, sales representative, at iba pang mga partner sa negosyo; impormasyon mula sa mga consumer ng mga produkto ng RTX, na karaniwang limitadong impormasyon, tulad ng pangalan, address at data ng credit card; impormasyon tungkol sa mga bisita at mga hindi empleyadong sales representative at distributor; at impormasyong kinokolekta sa paggamit ng mga user kapag gumagamit ng mga produkto at serbisyo ng RTX. Inililipat ang Personal na Impormasyon sa loob ng RTX depende sa mga produkto at ibinigay na serbisyo at suportang kailangan para sa mga partikular na serbisyo o proyekto. Ang karamihan ng Personal na Impormasyon ay inililipat sa Tanggapan ng Korporasyon, na nasa U.S.

B. KUNG SAAN NAAANGKOP

1. Kinakailangan ang mga BCR na ito para sa Tanggapan ng Korporasyon ng RTX at Mga Negosyo na nagpatupad ng Intra-Group Agreement. Dapat tiyakin ng mga entidad na ito na sumusunod ang kanilang Tauhan sa mga BCR na ito kapag Nagpoproseso ng Personal na Impormasyon ng isang Indibidwal. Magtatakda ang RTX ng malinaw at hindi nagbabago-bagong mga kontrol sa buong enterprise upang matiyak ang pagsunod sa mga BCR.

2. Bilang minimum, susunod ang RTX sa lahat ng batas at regulasyong kaugnay sa proteksyon ng Personal na Impormasyong naaangkop sa buong mundo. Ang mga probisyon ng lokal na batas,

[1] United Technologies EU ("RTX EU"), Avenue du Port 86C b204, 1000 Brussels.

regulasyon, at ibang paghihigpit na nalalapat sa RTX na nagpapataw ng mas mataas na antas ng proteksyon ng data ay mangingibabaw sa mga BCR. Kung sumasalungat ang naaangkop na batas sa mga BCR na ito sa paraang maaaring mapigilan ang Tanggapan ng Korporasyon ng RTX o isa o higit pang Mga Negosyo sa paggawa ng kanilang mga obligasyon sa mga BCR at mayroong malaking epekto sa mga garantiyang ibinibigay nito, ang entidad na nasasangkot ay dapat kaagad abisuhan ang Chief Financial Officer ("**RTX CPO**", Punong Opisyal ng Pananalapi), maliban kung hindi pahihintulutan ng isang awtoridad sa pagpapatupad ng batas o batas ang pagbibigay ng impormasyon. Ang RTX CPO, sa pakikipagtulungan sa Komite sa Pagpapayo sa Pagkapribado at sa entidad at Negosyong nasasangkot, ay dapat tukuyin ang naaangkop na aksyon, at sa pagkakataong may pagdududa, kumonsulta sa legal na awtoridad sa proteksyon ng data.

3. Nalalapat din ang mga BCR na ito sa Mga Negosyo at sa Tanggapan ng Korporasyon kapag sila ay Nagpoproseso ng Personal na Impormasyon ng isang Indibidwal sa ngalan ng ibang entidad ng RTX. Ang mga entidad na Nagpoproseso ay dapat na nasasakop ng Mga Internal Processing Clause na makikita sa Exhibit B para sa mga BCR na ito.

4. Sa pagkakataong magkasalungat ang mga BCR at Seksyon 24 ng Pangkalahatang Patakaran ng Korporasyon, mananaig ang mga BCR na ito para sa Personal na Impormasyong direkta o hindi direktang nanggagaling mula sa European Economic Area o Switzerland.

C. SAKOP

Pinapamahalaan ng mga BCR na ito ang Pagpoproseso ng RTX ng Personal na Impormasyon ng Mga Indibidwal saan man ang lokasyon, ngunit ang (i) kinakailangang makuha ang direktang pahintulot para sa Sensitibong Personal na Impormasyon, (ii) mga probisyong nasa Seksyon D.6, talata 1 hanggang 6 tungkol sa pagpapatupad ng mga karapatan ng mga indibidwal at mga ginagarantiya, (iii) Seksyon B.4 kaugnay sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga BCR at Seksyon 24 ng Manual ng Korporasyon, (iv) mga kinakailangan sa D.1(d); at (v) bahagi ng Seksyon D.1(f) na kaugnay sa pagbabahagi ng data sa nagpapatupad ng batas at mga awtoridad ng regulasyon, ay nalalapat lamang sa Personal na Impormasyong direkta o hindi direktang nanggagaling mula sa European Economic Area, United Kingdom o Switzerland.

D. PATAKARAN

1. **Mga Prinsipyo sa Pagkapribado:** Sa lahat ng aktibidad nito, ang RTX ay dapat:

*a. Makatwiran at legal na iproseso ang Personal na Impormasyon*

Ang Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal ay dapat na Iproseso para sa mga tinukoy na layunin (1) na batay sa pahintulot; (2) kapag kailangan o pinapayagan ng batas sa bansang pinagmulan, o (3) para sa isang lehitimong layunin tulad ng pamamahala sa human resource, mga pangnegosyong interaksyon sa mga customer at supplier, at sa banta ng pisikal na pinsala.

Ang Sensitibong Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal ay dapat Iproseso lamang kapag: (1) kailangan ng batas sa bansang pinagmulan ng data; (2) mayroong direktang pahintulot ng Indibidwal kung saan pinapayagan ng batas; o (3) kapag kailangan upang protektahan ang mga mahalagang interes ng Indibidwal o ang pagtatatag, paggamit, o pagdepensa laban sa isang legal na claim ng Tanggapan ng Korporasyon o ng isang Negosyo.

Hindi dapat Iproseso ang Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal para sa anumang hindi naaangkop na mga layunin maliban kung pinapayagan sa ilalim ng isa sa mga kondisyong nakalagay sa susunod na talata, halimbawa, sa pamamagitan ng pagkuha ng bagong pahintulot.

*b.* *Magproseso lamang ng may kaugnayang Personal na Impormasyon*

Ang RTX ay magsasagawa ng mga pagsisikap para tiyaking sapat, may kaugnayan at hindi labis ang Pagproseso ng Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal kaugnay sa layunin o mga layunin kung saan Pinoproseso ang impormasyon. Dagdag pa, hindi itatago ng RTX ang Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal nang mas matagal sa kinakailangan para sa (mga) layunin kung para saan ito kinolekta, maliban kung may pahintulot para gamitin sa bagong layunin o kung inaatas ayon sa naaangkop na batas, regulasyon, paglilitis sa korte, administratibong proseso, proseso ng arbitration (pamamagitan) o mga kinakailangan sa pag-audit. Ang RTX ay magsasagawa ng mga pagsisikap upang tiyakin na ang hawak na Personal na Impormasyon ay tumpak at pinakabago.

*c.* *Magbigay ng naaangkop na abiso sa mga Indibidwal na may Personal na Impormasyong Pinoproseso ng Mga Negosyo*

Maliban kung alam na ng Indibidwal ang impormasyong ito, ang Tanggapan ng Korporasyon at/o ang kaugnay na Negosyo, sa panahon ng pagkolekta ng Personal na Impormasyon, ay dapat magbigay ng abiso sa mga Indibidwal tungkol sa: Personal na Impormasyong kokolektahin; identidad at detalye sa pakikipag-ugnayan ng entidad ng RTX o mga entidad na responsable sa pagkolekta ng Personal na Impormasyon; detalye

sa pakikipag-ugnayan ng opisyal sa proteksyon ng data kapag naaangkop; (mga) layunin ng pagkuha ng Personal na Impormasyon; legal na basehan sa pagproseso at lehitimong interes na isinusulong ng controller kapag naaangkop; mga kategorya ng mga tatanggap kung kanino ibabahagi ng RTX ang impormasyon; mga pagpipilian at karapatan ng mga Indibidwal, kabilang ang karapatang bawiin ang pahintulot o tumutol sa paggamit ng partikular na data at karapatan na maghain ng reklamo sa may kakayahang nangangasiwang awtoridad kung naaangkop; mga resulta ng mga pagpipilian; paano makipag-ugnayan sa RTX para sa mga tanong o reklamo tungkol sa usapin sa pagkapribado; panahon kung hanggang kailan itatago ang kinolektang data kung naaangkop; impormasyon sa awtomatikong pagpapasiya, kung mayroon, at kung naaangkop, ang katotohanan na maaaring ibahagi ng RTX ang ilang kinolektang data sa mga tatanggap na nasa labas ng EU at kung paano poprotektahan ng RTX ang data, kung naaangkop. Sa mga katangi-tanging pagkakataon, kapag ang pagbibigay ng abisong ito ay naghaharap ng hindi makatarungang pagpapahirap (kung saan hindi direktang kinuha ang Personal na Impormasyon mula sa mga Indibidwal), maaaring magdesisyon ang RTX, pagkatapos ng maingat na konsiderasyon na hindi magbigay ng abiso sa mga Indibidwal o ipagpaliban ang pagbibigay ng abiso.

*d.* *Respetuhin ang mga lehitimong karapatan ng mga Indibidwal na gamitin ang kanilang mga karapatan sa pagkapribado para sa kanilang Personal na Impormasyon*

Papayagan ng RTX ang mga Indibidwal na humiling na mag-access at iwasto ang kanilang Personal na Impormasyon. Sasagutin ng Tanggapan ng Korporasyon at/o ang may kaugnayang Negosyo ang mga kahilingan sa loob ng makatwirang tagal ng panahon, kung ang mga naturang kahilingan ay walang basehan o hindi labis. Ang Tanggapan ng Korporasyon at/o ang may kaugnayang Negosyo ang dapat na magpakita ng kawalan ng basehan o kalabisan ng kahilingan. Maaaring kailanganin magbigay ng mga Indibidwal ng katunayan ng kanilang pagkakakilanlan at maaaring singilin ng bayad para sa serbisyo alinsunod sa naaangkop na batas.

Maaaring tumutol ang mga Indibidwal sa Pagproseso ng kanilang Personal na Impormasyon o huming na harangan o burahin ang kanilang Personal na Impormasyon. Sasagutin ng RTX ang mga naturang kahilingan, maliban kung kailangan ang pagpapanatili ng personal na Impormasyon dahil sa mga pangkontratang obligasyon, kinakailangan sa pag-audit, mga panregulasyon o legal na obligasyon, o para depensehan ang kompanya laban sa mga legal na paratang. Ipapaalam sa mga Indibidwal ang mga maaaring magbunga dahil sa resulta ng kanilang pagpili na hindi Iproseso ng RTX ang

kanilang Personal na Impormasyon, tulad ng kawalan ng kakayahan ng RTX na magbigay ng trababho, isang hiniling na serbisyo o pumasok sa isang transaksyon. Ipapaalam rin sa mga Indibidwal ang tungkol sa resulta ng kanilang kahilingan.

Maliban sa mga Indibidwal na piniling hindi makatanggap ng ilang komunikasyon at alinsunod sa naaangkop na batas, maaaring Iproseso ng RTX ang Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal upang iangkop ang mga komunikasyon sa mga Indibidwal batay sa kanilang mga interes. Ang mga Indibidwal na hindi nais makatanggap ng mga komunikasyon para sa marketing mula sa RTX ay aalukin ng madaling i-access na paraan upang tumutol sa higit pang advertising, halimbawa, sa mga setting ng kanilang account o sa pamamagitan ng pagsunod sa mga direksyong ibinigay sa isang email o mula sa isang link sa komunikasyon. Kapag may pagdududa tungkol sa paggamit ng mga regulasyon laban sa spam, mangyaring makipag-ugnayan sa privacy.compliance@rtx.com.

Kapag gumagawa ng mga awtomatikong desisyon ang RTX tungkol sa mga Indibidwal batay sa kanilang Personal na Impormasyon, magbibigay ito ng mga angkop na hakbang upang pangalagaan ang mga lehitimong interes ng mga Indibidwal, tulad ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pangangatwiran ng desisyon at oportunidad na suriin ang desisyon at pahintulutan ang mga Indibidwal na ibahagi ang kaniyang opinyon.

*e.* *Magpatupad ng mga naaangkop na teknikal at pang-organisasyon na hakbang sa seguridad*

Upang mapigilan ang hindi awtorisado o labag sa batas na Pagproseso ng Personal na Impormasyon at upang mapigilan ang hindi sinasadyang pagbabago, hindi awtorisadong pagbunyag o pag-access, pagkawala o pagkasira ng, o pinsala sa Personal na Impormasyon, dapat ipatupad ng RTX ang mga naaangkop na hakbang sa seguridad na isinasaisip ang pagkasensitibo at mga panganib ng naturang Pagpoproseso, ang katangian ng sangkot na Personal na Impormasyon at naaangkop na patakaran ng korporasyon. Dapat magpatupad ang RTX ng matatag na patakaran para matugunan ang Mga Insidente sa Data (kilala rin bilang Mga Paglabag sa Seguridad ng Data) na tutugon sa naaangkop na tugon sa at remediation ng anumang aktwal na Mga Insidente sa Data.

Papasok ang RTX sa isang nakasulat na kasunduan na mag-aatas sa anumang Provider ng Serbisyo na sundin ang mga BCR na ito o mga katumbas na kinakailangan at na iproseso lamang ang Personal na Impormasyon alinsunod sa mga panuntunan ng RTX. Dapat

gamitin ng nakasulat na kasunduan ang mga pamantayang tuntunin at kondisyong ibinigay ng RTX o, kapag mayroong anumang pagbabago, dapat itong aprubahan ng nakatalagang Propesyonal sa Pagkapribado ng Negosyo, isang may pagsasanay na legal na abogado ng Negosyo, o ng RTX CPO.

f. *Hindi maglilipat ng Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal sa mga Ikatlong Partido o Provider ng Serbisyo sa labas ng EEA at Switzerland nang walang naaangkop na mga safeguard*

Kapag naglilipat ng Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal ang RTX sa mga Ikatlong Partido o Provider ng Serbisyo na hindi bahagi ng RTX at (1) nasa mga bansang hindi nagbibigay ng sapat na antas ng proteksyon (ayon sa kahulugan ng Directive 95/46/EC), (2) hindi sakop ng mga aprubadong napagkasunduang panuntunan ng korporasyon, o (3) walang iba pang pag-aareglo na natutugunan ang mga kinakailangan sa pagiging sapat ng EU, dapat tiyakin ng Tanggapan ng Korporasyon at/o ng kaugnay na Negosyo hinggil sa:

i. Mga Ikatlong Partido, na dapat nilang ipatupad ang mga naaangkop na kontrol sa kontrata, tulad ng mga modelong clause sa kontrata, pagbibigay ng mga antas ng proteksyon na kapantay ng mga BCR na ito, o bilang alternatibo, tiyakin na ang paglilipat ay (1) isinasagawa nang may malinaw na pahintulot ng mga Indibidwal, (2) kinakailangan upang mapagkasunduan o isagawa ang napagkasunduang kontrata kasama ng mga Indibidwal, (3) kinakailangan o inaatas ng batas dahil nasa interes ito ng publiko[2], (4) kailangan upang protektahan ang mahahalagang interes ng mga Indibidwal, o (5) kailangan para sa pagtatatag, paggamit o pagdepensa ng mga legal na claim.

ii. Mga Nagpoproseso, na nagpapatupad ng mga kontrol sa kontrata, tulad ng mga modelong clause sa kontrata, na nagbibigay ng mga antas ng proteksyon na kapantay ng mga BCR.

[2] Alinsunod sa naaangkop na batas, maaaring magbahagi ng Personal na Impormasyon ang mga Pinatatakbong Negosyo sa nagpapatupad ng batas at mga awtoridad ng regulasyon kapag kinakailangan sa isang demokratikong lipunan upang pangalagaan ang pambansa at pampublikong seguridad, depensa, ang pag-iwas, imbestigasyon, pagtuklas at paglilitis ng mga krimen at para sumunod sa mga parusa alinsunod sa tinutukoy sa mga internasyonal at/o pambansang kasulatan.

g. *Magpatupad ng Mga Naaangkop na Hakbang sa Pananagutan*

Ang Mga Negosyo na nagsisilbing mga data controller o processor para sa Personal na Impormasyon na napapailalim sa EU General Data Protection Regulation (Regulasyon sa Pangkalahatang Proteksyon ng Data ng EU) at United Kingdom ay dapat sumunod sa mga kinakailangan sa pananagutan tulad ng pagpapanatili ng imbentaryo ng data ng personal na impormasyon na nagtatala ng mga operasyon ng proseso, nagsasagawa ng mga pagsusuri ng epekto sa proteksyon ng data at nagpapatupad ng mga prinsipyo ng pagkapribado ayon sa disenyo at pagkapribado bilang default, kapag kinakailangan ng Regulasyon sa Pangkalahatang Proteksyon ng data. Ang anumang imbentaryo ng data ng personal na impormasyon kung saan kabilang ang Personal na Impormasyon ng EU ay dapat gawing available sa legal na nangangasiwang awtoridad kapag hiniling, ayon sa kinakailangan ng Regulasyon sa Pangkalahatang Proteksyon ng Data.

2. **Pamamalakad**: Nangangako ang RTX na panahilihin ang imprastraktura ng pamamalakad na kayang tiyakin ang pagsunod sa mga BCR. Ang imprastrakturang ito ay binubuo ng:

a. Mga Ethics and Compliance Officer ("**ECO**" o Opisyal sa Etika at Pagsunod): ang mga Opisyal na ito ay nagpapatupad ng pagsunod sa mga BCR at ang internal na punto ng pakikipag-ugnayan para sa mga internal na komento at reklamo kaugnay sa mga BCR. Titiyakin ng RTX na ang mga Ethics and Compliance Officer nito ay may pagsasanay na makatanggap at mag-imbestiga ng mga reklamo sa pagkapribado, na tumulong sa paglutas ng mga alalahanin sa pagkapribado, at na magpadala ng mga naaangkop na mapagkukunan, tulad ng mga naaangkop na Propesyonal sa Pagkapribado o Tanggapan sa Pagkapribado, para sa pagsusuri at paglutas kapag kailangan.

b. Speak Up Helpline: ang mga indibidwal na bumubuo sa Speak Up Helpline ay magpapanatili ng mekanismo upang makatanggap ng parehong panloob at panlabas na mga komento at reklamong may kaugnayan sa mga BCR. Ang Speak Up Helpline ng RTX ay nagbibigay ng ligtas at kumpidensyal na paraan para sa mga Indibidwal, Provider ng Serbisyo at Ikatlong Partido upang humingi ng gabay, magtanong, magbigay ng komento at mag-ulat ng pinaghihinalaang hindi wastong gawi. Ipinapadala ng Speak Up Helpline ang mga reklamo sa mga naaangkop na mapagkukunan, tulad ng mga naaangkop na Propesyonal sa Pagkapribado o Tanggapan sa Pagkapribado, para sa pagsusuri at paglutas kapag kailangan, kung pumayag ang nagrereklamo.

c. Mga Propesyonal sa Pagkapribado: ang bawat Negosyo ay magtatalaga ng kahit isang Propesyonal sa Pagkapribado man lamang upang magsilbi bilang isang mapagkukunan para sa mga Ethics and Compliance Officer at ibang tao sa Negosyo para sa mga isyu na kaugnay ng pagkapribado. Tinutulungan ng Propesyonal sa Pagkapribado ang kanilang pamamahala upang matiyak ang lokal na pagsunod sa mga BCR at sa pagkilala at pagwawasto ng mga pagkukulang sa loob ng Negosyo. Titiyakin ng RTX na ang mga Propesyonal sa Pagkapribado na ito ay mayroong sapat na mapagkukunan at hiwalay na awtoridad upang isagawa ang kanilang tungkulin.

d. Data Protection Officers (“DPOs”, Mga Opisyal sa Proteksyon ng data): ang papel ng DPO ay tinutukoy ng nalalapat na batas. Itinatalaga ang mga DPO kung kailangan ng nalalapat na batas. Ang mga DPO ay regular na nakikipagtulungan sa RTX CPO.

e. Privacy Advisory Committee (“PAC”, Komite sa Pagpapayo sa Pagkapribado): ang PAC ay magiging responsable sa pangkalahatang pagsubaybay sa programa ng pagsunod sa pagkapribado ng RTX, kabilang ang pagpapatupad ng mga BCR. Kabibilangan ng PAC ang mga Propesyonal sa Pagkapribado, na kumakatawan sa kanilang Negosyo, pati na rin ang mga kinatawan mula sa Human Resources ("HR", Yamang-tao), Digital/Information Technology (“IT”), Global Trade Compliance (“GT”, Pagsunod sa Pandaigdigang Pangangalakal), Environmental, Health & Safety (“EH&S”, Kapaligiran, Kalusugan, at Kaligtasan), Pananalapi, Supply Management (Pamamahala ng Supply), at RTX EU. Maaaring pansamantala o permanenteng magdagdag ng ibang miyembro, ayon sa pangangailangan. Ang PAC, sa nakikipagtulungan sa RTX CPO at sa Tanggapan sa Pagkapribado, ay bumubuo at nagtitiyak ng pandaigdigang pagpapatupad ng mga plano sa pagsunod upang matugunan ang mga natuklasan ng mga assurance at audit team.

f. RTX Chief Privacy Officer (CPO, Punong Opisyal ng Pagkapribado): ang CPO, nang nakikipagtulungan sa mga Propesyonal sa Pagkapribado, ay ipapatupad ang mga BCR at titiyakin na epektibo at mahusay na ipinapatupad ang mga ito. Magiging responsable rin ang CPO para sa pagsasanay at mga kampanya sa kamalayan tungkol sa pagkapribado ng data at para sa pagsuporta sa mga Propesyonal sa Pagkapribado at pagtiyak na sila ay sinanay, habang itinataguyod ang pag-iral at layunin ng mga kinakailangan para sa pagkapribado ng data na dagdag pa sa basic na kinakailangan para sa proteksyon ng proprietary information (pag-aari na impormasyon). Magbibigay ang CPO ng direksyon at pamumunuan niya ang Komite sa Pagpapayo sa Pagkapribado. Ang CPO ay nagsisilbi bilang pinunong Propesyonal sa Pagkapribado para sa Tanggapan ng Korporasyon.

g. Tanggapan sa Pagkapribado: ang Tanggapan sa Pagkapribado ay binubuo ng CPO, mga Propesyonal sa Pagkapribado, at sinumang itinalagang Data Protection Officer, pati na rin ang sinumang karagdagang tauhan na itinalaga ng Mga Negosyo o ng Tanggapan ng Korporasyon. Ang Tanggapan sa Pagkapribado ay lumalahok sa PAC, tumutugon at nilulutas ang anumang komento o reklamo na natatanggap ng Tanggapan sa Pagkapribado o ng Speak Up Helpline, at tumutulong sa mga ECO sa pagtugon at paglutas ng anumang komento at reklamo na isinumite sa ECO team.

h. RTX EU: Ang RTX EU ay lalahok sa PAC sa pamamagitan ng Propesyonal sa Pagkapribado o DPO nito. Sa pagkakataong may ebidensya ng mga paglabag sa mga BCR, ipapalaam ng PAC o ng CPO sa RTX EU at, nang may koordinasyon sa RTX EU, makikipagtulungan sa Tanggapan ng Korporasyon at/o kaugnay na Mga Negosyo at mga Propesyonal sa Pagkapribado nito upang ipatupad ang naaangkop na mga hakbang sa pagwawasto.

3. **Pagsasanay**: Titiyakin ng RTX na ang mga sumusunod na kategorya ng Tauhan ay makakatanggap ng taunang pagsasanay sa pagkapribado ng data, seguridad, at/o mga regulasyon laban sa spam:

a. Mga Ethics and Compliance Officer;

b. Mga Propesyonal sa Pagkapribado;

c. Tauhang humahawak ng Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal bilang mahalagang bahagi ng kanilang mga responsibilidad; at

d. Tauhang kabilang sa pagbuo ng mga tool na ginagamit para sa Pagproseso ng Personal na Impormasyon.

4. **Pagsubaybay at Pag-audit:** Ang Senior na Bise Presidente ng RTX sa Internal Audit na pinamamahalaan ang Departamento ng Internal Audit, ay magsasagawa ng regular na mga programa sa assurance at audit upang suriin ang pagsunod sa mga BCR na ito at mag-follow up sa Mga Negosyo upang tiyakin na isinasagawa ang mga pangwastong hakbang. Ang Senior na Bise Presidente sa Internal Audit, nang may tulong mula sa tauhan ng Departamento ng Internal Audit, CPO, at ng Mga Negosyo, ay tutukuyin ang naaangkop na sakop ng programa sa pag-audit para sa mga BCR upang tugunan ang mga sistema at proseso na dapat sumunod sa mga BCR na ito.

Ang mga resulta ng mga audit sa pagsunod sa mga BCR ay ipapaalam sa CPO, na siyang magbibigay-alam sa Corporate Vice President sa Global Ethics & Compliance (Bise Presidente ng

Korporasyon, Pandaigdigang Etika at Pagsunod), RTX EU, at sa Komite sa Pagpapayo sa Pagkapribado. Ang Bise Presidente ng Korporasyon sa Pandaigdigang Etika at Pagsunod o kanyang itinalaga ay ipapaalam ang mga materyal na natuklasan sa audit na nauugnay sa mga BCR sa Lupon ng mga Direktor ng Tanggapan ng Korporasyon o sa komite ng Lupon, tulad ng Audit Committee (Komite sa Pag-audit). Kapag hiniling, ang Mga Awtoridad para sa Proteksyon ng Data sa EEA at Switzerland ay maaaring maka-access ng mga resulta ng audit na kaugnay sa mga BCR.

5. **Pamamahala sa mga Kahilingan sa mga Karapatan at Reklamo:** Ang mga kahilingan mula sa mga Indibidwal tungkol sa Pagproseso ng kanilang Personal na Impormasyon ay tutugunan ayon sa nakasaad sa ibaba. Ang mga paraan sa pakikipag-ugnayang ito ay maaaring dagdagan kapag kinakailangan ng lokal na batas:

a. Panloob - Mula sa Tauhan na may access sa Intranet ng RTX

Ang mga tauhan na direktang empleyado ng RTX ay maaaring ipadala ang kanilang mga kahilingan at reklamo sa kanilang lokal na kinatawan sa Human Resources. Ang lahat ng Tauhan, kabilang ang mga empleyado, ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang Lokal, Panrehiyon, o Pandaigdigang Ethics and Compliance Officer ("**ECO**" o Opisyal sa Etika at Pagsunod), Speak Up Helpline, o Tanggapan sa Pagkapribado. Maaaring makipag-ugnayan sa mga magpagkukunang ito ayon sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Lokal na HR | Makipag-ugnayan gamit ang iyong mga regular na internal channel |
| Speak Up Helpline | Sa loob ng US at Canada: 1-800-423-0210 o https://rtxspeakuphelpline.webline.sai360.com/ |
| | Sa labas ng US at Canada: https://rtxspeakuphelpline.webline.sai360.com/ |
| Mga ECO | https://home.rtx.com/en/Legal-Contracts-and-Compliance/GEC/ECO |
| Tanggapan sa Pagkapribado | privacy.compliance@rtx.com |

Mga ipinasang reklamo sa lokal na HR, mga ECO, o sa Tanggapan sa Pagkapribado: ang mga reklamong ito ay tutugunan ng pangkat (HR, ECO, o Tanggapan sa Pagkapribado) na nakatanggap nito, nang may tulong mula sa naaangkop na Propesyonal sa Pagkapribado o CPO (o itinalaga) kapag kailangan.

Mga reklamo sa pagkapribado na isinumite sa Speak Up Helpline: ipapasa ang mga reklamo sa Tanggapan sa Pagkapribado para sa pagtugon at pagresolba kung naaangkop.

b. Panlabas - Mula sa lahat ng ibang Indibidwal

Ang mga kahilingan at reklamo mula sa lahat ng ibang Indibidwal ay maaaring ipadala sa Speak Up Helpline o sa Tanggapan sa Pagkapribado, na makakausap sa pamamagitan ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| Speak Up Helpline | Sa loob ng US at Canada: 1-800-423-0210 o https://rtxspeakuphelpline.webline.sai360.com/ |
| | Sa labas ng US at Canada: https://rtxspeakuphelpline.webline.sai360.com/ |
| Tanggapan sa Pagkapribado | privacy.compliance@rtx.com |

c. Karagdagang Impormasyon tungkol sa pamamahala ng reklamo

Ang mga reklamo at resulta ng pag-audit na nagsisiwalat ng mga pandaigdigang pagkukulang sa istruktura ay tutugunan ng CPO sa pamamagitan ng PAC upang matiyak ang isang pandaigdigang solusyon sa pakikipagtulungan sa RTX EU at sa mga lokal na Propesyonal sa Pagkapribado

Sa anumang oras na mayroong reklamo na hindi malutas ayon sa kasiyahan ng nagreklamo, iuulat ng lokal na HR, ECO, o ng Propesyonal sa Pagkapribado ang isyu sa CPO. Ang CPO ay ipapaalam sa RTX EU ang lahat ng reklamo na hindi malutas sa pamamagitan ng mga umiiral na proseso ng pamamahala ng reklamo.

Susubukan ng RTX na magbigay ng unang tugon sa loob ng limang araw ng trabaho mula sa pagkatanggap ng kahilingan/reklamo. Depende sa pagiging kumplikado at sakop ng kahilingan/reklamo, maaaring mas mahaba ang panahong ito, ngunit hindi dapat lumampas sa isang buwan.

Walang probisyon ng mga BCR ang dapat makaapekto sa mga karapatan ng mga Indibidwal sa ilalim ng naaangkop na lokal na batas na magsumite ng reklamo sa legal na awtoridad sa proteksyon ng data o sa korte kaugnay sa paglabag ng naaangkop na batas ng isang Pinatatakbong Negosyo na nasa EEA o Switzerland.

6. **Pagpapatupad ng Mga Karapatan ng Mga Indibidwal at Mga Garantiya:** Ang mga Indibidwal ay magkakaroon ng benepisyo ng mga karapatan na hayagang ibinigay sa kanila alinsunod sa Seksyong ito, ng Seksyong B, C, D.1, D.5, D.7, D.8 at D.9, at ng benepisyo ng garantiyang ibinigay ng RTX EU sa Seksyong ito.

Para sa mga pinaparatang na paglabag sa mga BCR na ito, ang mga Indibidwal na residente ng European Union, United Kingdom o Switzerland, ay maaaring:

a magsampa ng reklamo sa awtoridad sa proteksya ng data ng Miyembro ng EU kung saan kadalasang nakatira ang Indibidwal, ang lugar ng trabaho o lugar kung saan naganap ang ipinaparatang na paglabag, ayon sa pinili ng Indibidwal; o

b maghain ng aksyon sa isang korte sa EU, sa korte kung saan ang controller o nagproseso ay mayroong establisimyento o kung saan kadalasang nakatira ang Indibidwal, ayon sa pinili ng Indibidwal.

Ang lahat ng Indibidwal na walang karapatan sa ilalim ng mga BCR na ito, kabilang ang mga Indibidwal na hindi residente ng European Union, United Kingdom o Switzerland, ay maaaring humingi ng tulong sa mga proseso sa pagwawasto sa batas sa ilalim ng naaangkop na pambansang batas.

Ang RTX EU, na may tulong mula sa Tanggapan ng Korporasyon, ay dapat maging responsable sa pagtiyak na nagsagawa ng mga aksyon (1) upang iwasto ang isang paglabag na ginawa ng Tanggapan ng Korporasyon o ng Mga Negosyo sa labas ng EEA; at (2) upang bayaran ang kabayaran sa mga Indibidwal na ginawad ng mga korte na tinukoy sa seksyong ito para sa anumang pinsala na nagresulta mula sa paglabag ng Tanggapan ng Korporasyon ng RTX at/o ng Mga Negosyo na nasa labas ng EEA at Switzerland ng mga BCR, maliban kung ang kaugnay na Negosyo ay nagbayad na ng kompensasyon o sumunod na sa inutos.

Kapag maipapakita ng mga Indibidwal na sila ay napinsala, kailangang patunayan ng RTX EU, nang may pakikipagtulungan sa Tanggapan ng Korporasyon, na ang tanggapan ng Korporasyon at ang sangkot na Negosyo ay hindi lumabag sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng mga BCR na ito. Kapag mayroong katibayan na maibibigay, maaaring tanggalin ng RTX EU ang anumang pananagutan nito sa ilalim ng mga BCR.

Ang Tanggapan ng Korporasyon ay dapat maging responsable sa pagtiyak na may mga aksyong isinagawa upang lutasin ang isang paglabag na ginawa ng Mga Negosyo sa labas ng EEA at Switzerland hinggil sa Personal na Impormasyong direkta o hindi direktang nanggagaling mula sa European Economic Area or Switzerland.

Para sa mga bansa maliban sa Miyembro ng EEA at Switzerland, na kinikilala ang mga BCR na ito bilang nakasulat na batas sa paglilipat ng Personal na Impormasyon, ang mga Indibidwal sa mga bansang iyon ay magkakaroon ng benepisyo ng mga karapatan na hayagang ibinigay sa kanila

alinsunod sa Seksyong D. 1, D. 5, D. 7 at D. 9. Alinsunod dito, ang mga naapektuhang Indibidwal sa mga bansang ito ay maaaring maghain ng anumang aksyon sa kanilang bansa upang ipatupad ang mga probisyong ito laban sa Negosyo na lumabag sa mga BCR.

7. **Pakikipagtulungan sa Mga Awtoridad para sa Proteksyon ng Data:** Ang mga Negosyo ay dapat magbigay ng anumang kinakailangang tulong na makatwirang hinihingi ng mga legal na awtoridad para sa proteksyon ng data na kaugnay sa kanilang mga tanong at beripikasyong kaugnay sa mga BCR, kabilang ang pagbibigay ng mga resulta ng mga audit kapag hiniling ang mga ito.

   Dapat sumunod ang RTX sa mga pinal na desisyon ng mga legal na awtoridad para sa proteksyon ng data, hal., mga desisyong walang karagdagang apela ang posible o mga desisyon na pinagpapasiyahan ng RTX na hindi iapela. Tinatanggap ng RTX na ang pagsunod nito sa mga BCR ay maaaring i-audit ng mga legal na awtoridad para sa proteksyon ng data alinsunod sa mga naaangkop na batas.

8. **Mga pagbabago sa mga BCR na ito:** Kaagad na aabisuhan ng RTX EU ang Belgian Data Protection Authority sa oras na magkaroon ng pagbabago o pagkakaiba na ginawa sa mga BCR na ito na nagdudulot ng malaking pagbabago sa antas ng proteksyon na nakasulat; isang beses kada taon, aabisuhan ng RTX EU ang Belgian Data Protection Authority sa lahat ng pagbabago na naganap sa nakaraang taon.

   Magpapanatili ang RTX EU ng isang updated na listahan ng lahat ng Negosyo na nagpatupad ng Intra-Group Agreement at ng lahat ng update ng mga BCR. Ang naturang listahan ay magiging available sa mga napagkasunduang Negosyo, Indibidwal, o mga legal na awtoridad para sa proteksyon ng data ng EEA/Switzerland, kapag hiniling. Sa anumang pagkakataon, magbibigay ang RTX EU sa Belgian Data Protection Authority ng kopya ng updated na listahan ng lahat ng Negosyo na nagpatupad ng Corporate Rules Agreement (Kasunduan sa Panuntunan ng Korporasyon) nang hindi bababa sa isang beses kada taon.

   Sumasang-ayon ang RTX na hindi ito aasa sa mga BCR na ito upang ilipat ang Personal na Impormasyon ng mga Indibidwal sa ibang miyembro ng RTX group hanggang sa panahon na ang mga kaugnay na miyembro ng group ay ipinatupad ang Intra-Group Agreement at kaya nang sundin ito.

9. **Komunikasyon ng mga BCR na ito:** Kung saan mayroong intensyon na tiyakin na mabigyang kaalaman ang mga Indibidwal ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng mga BCR na ito, ang Mga Negosyo sa EEA at Switzerland ay magpo-post o maglalagay ng isang link sa mga BCR na ito sa

kanilang mga website na available para sa publiko. Magpo-post o maglalagay ang RTX ng link para sa mga BCR na ito sa www.rtx.com o anumang mas bagong website.

Exhibit B-1: Mga Kahulugan sa Mga Napagkasunduang Panuntunan ng Korporasyon.

Ang “Negosyo” ay tumutukoy sa mga pangunahing sangay ng RTX, na maaaring pana-panahong magbago, at kasalukuyang binubuo ng Collins Aerospace; Raytheon Intelligence & Space; Raytheon Missiles & Defense; Pratt & Whitney; Research Center; at ng Tanggapan ng Korporasyon.

Ang "Corporate Office" (Tanggapan ng Korporasyon) ay tumutukoy sa headquarters ng korporasyon ng kompanya sa U.S., na matatagpuan sa 1000 Wilson Boulevard, Arlington, VA 22209 USA.  Maaaring makaugnayan ang Tanggapan sa Pagkapribado nang mas direkta sa 10 Farm Springs Road, Farmington, CT 06032 USA.

Ang “Insidente ng Paglabag sa Seguridad ng Data” (kilala rin bilang "Insidente sa Data") ay tumutukoy sa isang hindi awtorisadong pagkuha o paggamit ng hindi naka-encrypt na Personal na Impormasyon, o naka-encrypt na Personal na Impormasyon kung may paglabag sa mga kumpidensyal na proseso o key, na maaaring ikompromiso ang seguridad, pagkakumpidensiyal, o integridad ng Personal na Impormasyon na gumagawa ng malaking panganib na mapinsala ang isa o higit pang indibidwal. Kabilang sa panganib ng pinsala ang posibilidad ng pagnanakaw ng identidad, potensiyal na mapahiya, paglalabas ng pribadong impormasyon, o iba pang masamang epekto. Ang may mabuting layunin ngunit hindi awtorisadong pagkuha ng RTX o ng mga Tauhan o Provider ng Serbisyo nito ng Personal na Impormasyon para sa mga layunin na alinsunod sa batas ay hindi itinuturing na Paglabag sa Seguridad ng data maliban kung ang Personal na Impormasyong ginamit ay para sa hindi awtorisadong paraan o napapailalim sa karagdagang hindi awtorisadong pagsisiwalat.

Ang "Mga Indibidwal" ay tumutukoy sa mga taong Tauhan, customer o supplier ng RTX, at mga gumagamit ng mga produkto at serbisyo ng RTX.

Ang “Mga Negosyo” ay tumutukoy sa mga segment ng negosyo, yunit at dibisyon, at lahat ng ibang entidad ng operasyon ng RTX saan man ang lokasyon nito (kasama ang mga kontroladong joint venture, partnership at iba pang pag-aareglo ng negosyo kung saan mayroong kumokontrol na interes o epektibong kontrol sa pamamahala ang RTX), maliban sa Tanggapan ng Korporasyon.

Ang “Personal na Impormasyon” ay tumutukoy sa impormasyong kaugnay sa isang tao na nakilala o maaaring makilala. Ito ay anumang impormasyong kaugnay sa isang tao, nakilala o maaaring

makilala, direkta o hindi direkta, na partikular na tumutukoy sa isang pagkakakilanlan, tulad ng isang numero ng identification, pangalan o isa o higit pang salik na partikular sa pisikal, pisyolohikal, pangkaisipan, pang-ekonomiya, kultural o panlipunang pagkakakilanlan. Kung ang indibidwal ay nakikilala o hindi ay depende sa mga paraan na maaaring makatwirang gamitin ng RTX o ng ibang tao upang tukuyin ang nasabing indibidwal. Kung saan ang mga hakbang na ito ay malamang na hindi gagamitin o kapag imposibleng matukoy ang pagkakakilanlan, anonymous ang naturang data at hindi sakop ng mga BCR na ito. Kabilang sa terminolohiyang ito ang Sensitibong Personal na Impormasyon. Kabilang sa Personal na Impormasyon ang impormasyong kinolekta, pinroseso, at/o inilipat anuman ang pamamaraan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa hard copy, elektronikong paraan, video recording, at audio recording.

Ang "Tauhan" ay tumutukoy sa mga empleyado ng RTX, kabilang ang mga direktor at opisyal ng RTX, at mga pansamantalang empleyado, kontratista, binabayarang labor o trabaho at mga manggagawang kontratista na ginagamit ng RTX.

Ang "Proseso" ay tumutukoy sa anumang operasyon o grupo ng mga operasyon na isinasagawa sa Personal na Impormasyon, awtomatiko man ito o hindi, tulad ng pangongolekta, pagtatala, pag-organisa, pagtatago, paghango o pagbabago, pagkuha, konsultasyon, paggamit, pagsisiwalat sa pamamagitan ng pagpapadala, paglipat, pagpapakalat o paggawang available, paghahanay o kombinasyon, pagtanggal, pagbura o pagsira.

Ang “Sensitibong Personal na Impormasyon” ay isang subset ng Personal na Impormasyon at tumutukoy sa impormasyong kaugnay sa isang nakilala o maaaring makilalang tao na kabilang ang: pinagmulan ng lahi o etnisidad; pulitikal na opinyon; panrelihiyon o pilosopikal na paniniwala; pagiging kasapi ng trade union (unyon sa trabaho); kalusugan; sekswal na kagustuhan; sex life; o ang pagkasangkot o hinihinalang pagkasangkot sa anumang krimen at mga posibleng multa.

Ang “Provider ng Serbisyo” ay tumutukoy sa anumang entidad o tao na Nagpoproseso, o pinahihintulutang mag-access sa Personal na Impormasyong Pinroseso ng RTX sa pamamagitan ng direktang probisyon ng mga serbisyo nito sa RTX.

Ang "Ikatlong Partido" ay sinumang indibidwal o entidad, maliban sa Tanggapan ng Korporasyon at Mga Negosyo na nagpatupad ng isang Corporate Rules Agreement, at ang kanilang mga Tauhan, at Provider ng Serbisyo.

Ang “RTX” ay tumutukoy sa Tanggapan ng Korporasyon ng RTX at Mga Negosyo nito.

Exhibit B-2: Mga Napagkasunduang Panuntunan ng Korporasyon – Internal Processing Clause (Mga Clause para sa Panloob na Pagproseso).

Ang mga clause na ito ay nalalapat kapag ang isang Negosyo na napapailalim sa mga BCR (mula rito: ang "RTX Principal") ay ipinapasa ang isang proyekto sa ibang napapailalim na Negosyo (mula rito: ang "RTX Processor") na may kabilang na pagproseso ng sakop na Personal na data. Sa hangganan kung saan ang proyekto ay mayroong isang Work Order (Pantrabahong Utos) sa pagitan ng RTX Principal at RTX Processor, isasangguni ng Work Order ang mga Internal Processing Clause sa mga sumusunod na tuntunin: "Ang mga serbisyong nakasaad sa Work Order na ito ay pinapalakad ng mga Internal Processing Clause na nakasaad sa mga BCR ng RTX para sa proteksyon ng personal na impormasyon."

Ang mga tinukoy na termino sa mga clause na ito ay tumutukoy sa mga terminong pinakahulugan sa mga BCR ng RTX.

1. Sumasang-ayon ang RTX Principal at RTX Processor na manatiling sumusunod sa mga BCR ng RTX para sa kabuuang panahon ng Work Order. Nalalapat ang mga clause na ito sa buong panahon ng Work Order. Ang mga probisyon sa Seksyon 4.2, 4.4, 4.5., 4.8., 4.10 at 4.11 ng mga clause na ito ay patuloy na iiral kahit tapos na ang Work Order.

2. Sa pagsasagawa ng mga serbisyo nito, ang RTX Processor ay magpoproseso ng Personal na Impormasyon sa ngalan ng RTX Principal.

3. Mga obligasyon ng RTX Principal:

   3.1 Magbibigay ang RTX Principal sa RTX Processor ng malinaw na instruksyon kaugnay sa katangian, layunin at tagal ng pagproseso ng kaugnay na Personal na Impormasyon. Ang mga instruksyong ito ay dapat sapat na malinaw upang matulungan ang RTX Processor na matugunan ang mga obligasyon nito sa ilalim ng mga clause na ito at ng BCR ng RTX. Ang mga instruksyon ng RTX Principal ay partikular na maaaring pamahalaan ang paggamit ng mga sub-contractor, pagsisiwalat ng Personal na Impormasyon at ibang mga obligasyon ng RTX Processor.

   3.2 Ipapaalam ng RTX Principal sa RTX Processor ang tungkol sa lahat ng susog sa pambansang batas nito para sa proteksyon ng data at mga kaugnay na mga kasulatang batas, regulasyon, kautusan, at katulad na mga kasulatan na kaugnay sa Pagprosesong isinagawa ng RTX Prosesor sa ilalim ng mga clause na ito, at magbibigay ito ng mga instruksyon sa kung paano dapat sumunod ang RTX Processor sa mga naturang susog.

4. Mga obligasyon ng RTX Processor

4.1 Ipoproseso ng RTX Processor ang Personal na Impormasyon alinsunod sa mga instruksyon ng RTX Principal na nakasaad sa Work Order at ayon sa ipinadalang kasulatan. Hindi dapat isagawa ng RTX Processor ang Pagproseso ng kaugnay na Personal na Impormasyon para sa anumang iba pang layunin o sa anumang ibang paraan.

4.2 Dapat sumunod ang RTX Processor sa lahat ng probisyon ng mga BCR ng RTX at partikular sa Seksyon D.1.e.

4.3 Hindi dapat ibunyag o ilipat ng RTX Processor ang kaugnay na Personal na Impormasyon sa anumang ikatlong partido, maliban sa isang subprocessor alinsunod sa Seksyon 4.6 ng mga clause na ito, nang walang nakasulat na paunang awtorisasyon ng RTX Principal.

4.4 Kung, alinsunod sa mga BCR ng RTX (Seksyon D.1.f.), ang RTX Processor ay kinakailangang magsagawa ng Pagproseso bilang resulta ng isang may bisang legal na obligasyon, gagawin niya ito sa kabila ng mga kinakailangan sa Seksyon 4. Sa mga naturang pagkakataon, magbibigay ng nakasulat na abiso ang RTX Processor sa RTX Principal bago sumunod sa anumang naturang kinakailangan, maliban kung ang naaangkop na batas, regulasyon, o awtoridad ng pamahalaan ay pinagbabawalan ang pagbibigay ng naturang abiso, at dapat sundin ang lahat ng makatwirang direksyon ng RTX Principal nang inirerespeto ang mga naturang pagsisiwalat.

4.5 Aabisuhan ng RTX Processor ang RTX Principal sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo tungkol sa anumang komunikasyong natanggap mula sa sinumang indibidwal kung saan ginamit ng indibidwal na iyon ang kaniyang mga karapatan kaugnay sa kanyang Personal na Impormasyon at dapat itong sumunod sa lahat ng instruksyon ng RTX Principal sa pagtugon sa naturang komunikasyon. Dagdag pa rito, dapat magbigay ang RTX Processor ng anuman at lahat ng tulong na kinakailangan ng RTX Principal upang tugunan ang anumang komunikasyon mula sa sinumang indibidwal kaugnay sa mga karapatan ng indibidwal na iyon tungkol sa Personal na Impormasyong kaugnay sa kaniya.

4.6 Maaaring makipag-ugnayan ang RTX Processor sa isang sub-processor upang tumulong sa pagganap ng mga obligasyon nito sa Work Order hangga't nakakuha ito ng paunang nakasulat na pag-apruba ng RTX Principal. Papasok ang RTX Processor sa isang nakasulat na kasulatan sa anumang sub-processor, na siyang nagpapataw ng mga obligasyon sa sub-processor na kapareho o higit pa ang bigat at kahambing sa lahat ng materyal na

aspeto sa mga obligasyong ipinataw sa RTX Processor sa ilalim ng mga clause na ito. Dapat sumunod ang RTX Processor sa Seksyon D.1.f. ng mga BCR ng RTX.

4.7 Kinakatawan at sinisigurado ng RTX Processor na wala sa anumang batas ng proteksyon ng data (o anumang iba pang mga batas o regulasyon) kung saan ito naapailalim, ang pumipigil dito mula sa pagsasagawa ng mga obligasyon nito sa ilalim ng mga clause na ito. Sa pagkakataong may pagbabago sa anumang naturang batas na posibleng magkaroon ng mahalaga at masamang epekto sa pagsunod ng RTX Processor sa mga clause na ito o sa pagkakataong hindi na makasusunod ang RTX Processor sa mga clause na ito, aabisuhan ng RTX Processor ang RTX Principal sa loob ng labinlimang (15) araw ng negosyo at magkakaroon ng karapatan ang RTX Principal na wakasan ang Work Order na kaagad na magkakabisa.

4.8 Sumasang-ayon ang RTX Processor na maaaring humiling ang RTX Principal na i-audit ang pagsunod ng RTX Processor sa mgaclause na ito alinsunod sa mga BCR ng RTX Seksyon D.4. Gagawing available ng RTX Processor sa RTX Principal ang lahat ng kailangang impormasyon upang maipakita ang pagsunod nito sa lahat ng obligasyon at papayag ito sa mga audit, kabilang ang mga inspeksyong isinagawa ng RTX principal o ng isang auditor na inatasan ng RTX Principal.

4.9 Dapat tiyakin ng RTX Processor na ang sinumang tao na Nagpoproseso ng Personal na Impormasyon sa ilalim ng awtoridad ng RTX Processor ay napapailalim sa naaangkop na tungkulin ng pagkakumpidensiyal.

4.10 Dapat tulungan ng RTX Processor ang RTX Principal sa pagsunod sa mga obligasyon nito sa ilalim ng naaangkop na mga batas para sa proteksyon ng data, kabilang ang pagkumpleto ng mga pagsusuri ng epekto sa proteksyon ng data, kapag naaangkop.

4.11 Aabisuhan ng RTX Processor ang RTX nang walang hindi kinakailangang pagpapaliban tungkol sa pangyayari ng isang paglabag sa seguridad ng data at dapat magsagawa kaagad ng mga hakbang upang itama at maiwasan ang pag-ulit ng paglabag sa seguridad ng data, at dapat nitong tulungan ang RTX na gawin ito kapag kinakailangan. Makikipagtulungan ang RTX o ang naaangkop na Negosyo sa RTX Principal at RTX Processor tungkol sa naaangkop na imbestigasyon at pagwawasto. Tutulong din ang RTX Processor sa RTX Principal kapag kinakailangan upang matugunan ang obligasyon ng RTX Principal na abisuhan ang awtoridad ng pamahalaan o mga apektadong indibidwal tungkol sa paglabag sa seguridad ng data.

5. Sa pagkakataong winakasan ang Work Order, ipapadala ng RTX Processor sa RTX Principal ang lahat ng kaugnay na Personal na Impormasyong itinago ng RTX Processor, kasama ang lahat ng kopya ng anumang media ng naturang data o sisirain ito, maliban kung inaatas ng anumang naaangkop na batas, regulasyon o awtoridad ng pamahalaan sa RTX Processor na itago ang naturang Personal na Impormasyon o bahagi nito, at sa kasong iyon ay kaagad nitong sasabihan ang RTX principal sa tungkol sa naturang obligasyon.

6. Ang mga clause na ito ay pamamahalaan at iintindihin alinsunod sa mga batas ng bansa kung saan itinatag ang RTX Principal. Nang walang pagkiling sa mga BCR ng RTX Seksyon D.6, ang bawat partido sa mga clause na ito ay sumasang-ayon sa eksklusibong hurisdiksyon ng bansa ng korte ng RTX Principal hinggil sa anumang paratang o usaping lalabas sa ilalim o nang may koneksyon sa mga clause na ito.

7. Miscellaneous.

   7.1 Ang probisyon ng mga clause na ito ay maaring tumayo nang mag-isa. Kung mayroong anumang bahagi, clause o probisyon na walang bisa o hindi maaaring ipatupad nang buo o hindi buo, ang hindi pagkakaroon ng bisa o hindi maaaring pagpapatupad ay maaapektuhan lamang ang naturang bahagi, clause o probisyong iyon, at ang natitirang mga clause ay mananatiling may bisa at epektibo.

   7.2 Ang mga probisyon ng mga clause na ito ay magreresulta sa at pagkakasundo ng RTX Principal at RTX Processor at ng mga kapalit at itinalaga.